Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa

U.P. LAW CENTER
OFFICE of the NATIONAL ADMINISTRATIVE REGISTER
Administrative Rules and Regulations
REGISTERED
APR 25 2025 No 25-0473
ONAR Registration
TIME: BY:

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY FROM THE ORIGINAL
DATE 22 APR 2025 BY: Julia Saboc

KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 2023-091

# KAUTUSANG NAGKAKALOOB NG INSENTIBO (CASH INCENTIVES/REWARDS) PARA SA MGA ATLETA MANLALARO NA MAGKAKAMIT NG MATAAS NA KARANGALAN SA MGA PANDAIGDIGAN, PAMBANSA, PANLALAWIGAN, PAANYAYANG PALIGSAHAN O PALARO, NA OPISYAL NA NALAHUKAN SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT ANG PAG-AMYENDA NG ORDINANCE NO. 18-299

*****************************************************************************

*Ipinanukala nina:* *Kgg. Kon. Kenichi D. Takagi, Jr.*
*Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Kon. Alexson V. Diaz*
*Kgg. Kon. Rachel Katriel Ann C. Arciaga*
*Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Kon. Ting Niefes*
*Kgg. Kon. Jedidiah R. Presnedi, LPT*
*Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa*
*Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes*
*Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kgg. Kon. Luvi P. Constantino*
*Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla*
*Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo*
*Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez*
*Kgg. Kon. Rodolfo W. Moldez, Jr.*
*Kgg. Kon. Walter A. Arcilla*

*****************************************************************************

**SAPAGKAT**, ang mandato ng Youth Affairs and Sports Development Office (YASDO) ay ang pagsasagawa at pagpapatupad ng "***Sports Training Program***" sa tulong at pamamatnubay ng mga Tagapagsanay (*Coaches*) na makapaghuhubog ng mga magagaling na manlalaro/atleta upang makapagbigay ng karangalan sa ating Lungsod.

**SAPAGKAT**, alinsunod sa **Republic Act No. 10699** ***(An Act Expanding the Coverage of Incentives Granted to National Athletes and Coaches, Appropriating Funds Thereof, Repealing for the Purpose of Republic Act No. 9064, Also Known As The National Athletes, Coaches and Trainers Benefits and Incentives Act of 2001" Or "Sports Benefits and Incentives Act of 2001")*** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay nagpapahalaga sa sakripisyo ng mga atleta/manlalaro at tagapagsanay na nagbibigay ng karangalan sa ating lungsod sa larangan ng isports.

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon ng mga magagaling na atleta/manlalaro na nagwawagi at nagbibigay ng karangalan sa mga Pandaigdigan Paligsahan ***(International Competition)***, Pambansang Paligsahan ***(National Competition)***, Panlalawigang Paligsahan ***(Regional Competition)*** at Paanyayang Paligsahan ***(Invitational Competition)*** ay malaking kontribusyon sa larangan ng isports hindi lamang sa bansa kundi sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.

**SAPAGKAT**, ang insentibong matatanggap mula sa Pamahalaang Lungsod ay makakatulong ng lubos sa mga gastusin bilang atleta/manlalaro at tagapagsanay sa panahon ng kanilang ensayo at maging sa araw ng kompetisyon;

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Siaboc



**SAPAGKAT,** upang maitaas ang antas ng kalidad at galing ng mga atleta/manlalaro gayundin ang paghimok sa kanila na magpursigi, maging magaling at magbigay ng karangalan sa ating Lungsod. Kailangang magkaroon ng insentibo ang mga nabanggit sa itaas;

**NGAYON DAHIL DITO, ISINASABATAS AT MULING ISASABATAS,** ng 10TH Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** *Titulo* – Ang kautusang ito ay nagkakaloob ng insentibo (*cash incentives/rewards*) para sa mga atleta/manlalaro at tagapagsanay na nagkamit ng mataas na karangalan sa mga pandaigdigan, pambansa, panlalawigan, paanyaya ng paligsahan o palaro, na opisyal na nilahukan at kumatawan sa Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 2.** *Kahulugan ng mga salita* – Ang mga sumusunod na salita ay nangangahulugan ayon sa isinasaad ng kautusang ito.

1. ***Pandaigdigang Paligsahan (International Competition)*** – paligsahan na isinasagawa sa labas at loob ng bansa tulad ng *Summer and Winter Olympic Games, Youth Olympic Games, World Championship Games, Asian Games, Asian Winter Games, Asian Indoor and Martial Arts Games, Asian Beach Games, South-East Asian Games, Paralympic Games, ASEAN Para Games, Electronic Sports (E-Sports)* at ibang pang internasyonal na paanyayang paligsahan na pinagtibay ng Pamahalaang Lokal na lahukan ng mga manlalaro. Ito ay karaniwang ginaganap tuwing isa hanggang apat na taon na pagitan.

2. ***Pambansang Paligsahan (National Competition)*** – paligsahan na isinasagawa sa loob ng bansa na katunggali ay mula sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas tulad ng *Philippine National Games (PNG) National Finals, Philippine Youth Games (Batang Pinoy) National Finals,* Palarong Pambansa at Palarong Pambansa *(Special Events))* na lalahukan ng mga manlalaro. Ito ay taunang ginaganap na palaro.

3. ***Panlalawigang Paligsahan (Regional Competition)*** – paligsahan na isinasagawa sa loob ng bansa na katunggali ay mula sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas na nilalahukan ng labing pitong (17) rehiyon tulad ng *Philippine National Games (PNG) Qualifiers, Philippine Youth Games (Batang Pinoy) Leg* at iba pang regional competitions.

4. ***Lokal na Pang-anyayahang Paligsahan (Local Invitational Competitions)*** – paligsahan na isinasagawa sa mga lugar na nasa NCR o kalapit na lungsod o probinsya, kung saan ito ay may opisyal na paanyaya sa lokal na Pamahalaan na may direktiba at pagsang-ayon na ito ay lahukan.

5. ***Internasyonal na Pang-anyayahang Paligsahan (International Invitational Competition)*** – paligsahan na isinasagawa sa labas ng bansa na may opisyal na paanyaya sa lokal na Pamahalaan na may direktiba at pagsang-ayon na ito ay lahukan.

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Siaboc



6. ***Atleta/Manlalaro (Player/Athlete) na nagwagi*** – taong nagkamit ng mga medalya o tropeo (ginto, pilak, tanso) sa mga paligsahang nabanggit.

7. ***Tagapagsanay (Coach)*** – mga indibidwal na rehistrado sa Tanggapang ng YASDO at Department of Education (DepEd) na nagtuturo at gumagabay sa mga manlalaro/atleta sa kanya-kanya nilang isports na kinabibilangan.

8. ***Pang-isahang at Pang-dalawahang Palaro (Individual/Dual Sports)*** – mga palaro o paligsahan na lalahukan ng isang atleta/manlalaro ayon sa kategorya na isinasaad sa opisyal na patakaran ng kompetisyon o palaro.

9. ***Koponang Palaro (Team Sports)*** – mga palaro o paligsahan na lalahukan ng lima o higit na manlalaro ayon sa kategrya na isinasaad sa opisyal na patakaran ng kompetisyon o palaro.

10. ***Paralympic Games o Special Games*** – mga palaro para sa mga *"Differently Abled"* na ginaganap sa loob at labas ng bansa tulad ng *Paralympic Games, ASEAN Para Games*, Palarong Pambansa - *Special Events* at iba pang palaro o paligsahan na may opisyal na paanyaya sa lokal na Pamahalaan na may direktiba at pagsang-ayon na ito ay lahukan.

**SEKSIYON 3.** ***Sakop.***

3.1. Mga atleta at tagapagsanay kumatawan sa Lungsod ng Muntinlupa na nagkamit ng medalya o karangalan sa mga iba't-ibang paligsahan na pinagtibay ng *Philippine Sports Commission (PSC), Philippine Olympic Committee (POC), International Olympic Committee (IOC), National Sports Association (NSA)* at Pamahalaang Lungsod.

3.2. Mga atleta at tagapagsanay na naninirahan sa ating lungsod at bahagi ng mga sports development program ng Lungsod ng Muntinlupa.

3.3. Maari tumanggap din ng insentibo ang mga atleta na nagkamit ng karangalan na kumatawan sa ating bansa, ngunit dapat lamang sila ay naninirahan ng hindi bababa sa isang (1) taon sa Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 4.** ***Halaga ng insentibong ipagkakaloob***

4.1. Ang magiging batayan ng halaga ng insentibong ipagkakaloob ay ang mga sumusunod:

Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Siaboc



A. Pandaigdigang Paligsahan (International Competition)

1) Pang-Isahan/Pang-dalawahang Palaro (Individual/Dual Events)

**Summer and Winter Olympic Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 750,000.00 |
| Pilak na Medalya | 500,000.00 |
| Tansong Medalya | 250,000.00 |

**Youth Olympic Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 500,000.00 |
| Pilak na Medalya | 300,000.00 |
| Tansong Medalya | 150,000.00 |

**Paralympic Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 500,000.00 |
| Pilak na Medalya | 300,000.00 |
| Tansong Medalya | 150,000.00 |

**Asian Games, Asian Winter Games, and Asian Indoor and Martial Arts Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 300,000.00 |
| Pilak na Medalya | 200,000.00 |
| Tansong Medalya | 100,000.00 |

**World-level Competitions and Asian Para Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 300,000.00 |
| Pilak na Medalya | 200,000.00 |
| Tansong Medalya | 100,000.00 |

**Asian Beach Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 120,000.00 |
| Pilak na Medalya | 60,000.00 |
| Tansong Medalya | 30,000.00 |

**SEA Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 60,000.00 |
| Pilak na Medalya | 40,000.00 |
| Tansong Medalya | 20,000.00 |

**ASEAN Para Games**

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 60,000.00 |
| Pilak na Medalya | 40,000.00 |
| Tansong Medalya | 20,000.00 |


People's Center Building, Putatan, Muntinlupa City, Philippines 1773
Telephone no. 861-0181 Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Sidaboc



**KOPONAN NA PALARO (TEAM EVENTS)**

1) Para sa palaro o paligsahan na may bababa sa limang (5) atleta/manlalaro na kalahok sa isang kaponan ay makakatanggap ng kaparehong insentibo na nakukuha ng pang-isahan at pang-dalawahang palaro (individual/dual events), na pantay-pantay na hahatiin sa lahat ng miyembro ng koponan.

2) Para sa palaro o paligsahan na may lima (5) o pataas na atleta/manlalaro na kalahok sa isang koponan ay makakatanggap bawat isa ng dalawampu't limang porsyento (25%) ng halagang makukuha ng pang-isahan at pang-dalawahang palaro.

**B. PAMBANSANG PALIGSAHAN (*National Competition*)**

1) Philippine National Games (National Finals)
2) Philippine Youth Games/Batang Pinoy (National Finals)
3) Palarong Pambansa
4) Palarong Pambansa *(Special Events)*
5) Milo Little Olympics (National Finals)

**Pang-isahan/Pang-dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**
***(Individual/Dual Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 6,000.00 |
| Pilak na Medalya | 4,000.00 |
| Tansong Medalya | 2,000.00 |

**Koponan na Palaro**
***(Team Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 3,000.00 bawat manlalaro |
| Pilak na Medalya | 2,000.00 bawat manlalaro |
| Tansong Medalya | 1,000.00 bawat manlalaro |

**C. PANGREHIYONG PALIGSAHAN (Regional Competition)**

1) *Philippine National Games (Luzon Qualifying Leg)*
2) *Philippine Youth Games/Batang Pinoy (Luzon QualifyingLeg)*
3) Palarong Pangrehiyon *(NCR Palaro)*
4) Palarong Pangrehiyon *(Special Events)*
5) Milo Little Olympics (Regional Finals)

**Pang-isahan/Pang-dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**
***(Individual/Dual Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 4,000.00 bawat manlalaro |
| Pilak na Medalya | 3,000.00 bawat manlalaro |
| Tansong Medalya | 2,000.00 bawat manlalaro |

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Siaboc



**Koponan na Palaro**
***(Team Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 2,000.00 bawat manlalaro |
| Pilak na Medalya | 1,500.00 bawat manlalaro |
| Tansong Medalya | 1,000.00 bawat manlalaro |

*D.* **PAANYAYANG PANLOKAL NA PALIGSAHAN (Local Invitational Competition)** – na nakapaloob sa mga palarong may alokasyon sa *Annual Investment Plan (AIP)* kada taon.

**Pang-isahan/Pang-dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**
***(Individual/Dual Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 2,500.00 |
| Pilak na Medalya | 2,000.00 |
| Tansong Medalya | 1,500.00 |

**Koponan na Palaro**
***(Team Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 1,500.00 bawat manlalaro |
| Pilak na Medalya | 1,000.00 bawat manlalaro |
| Tansong Medalya | 500.00 bawat manlalaro |

*E.* **PAANYAYANG INTERNASYONAL NA PALIGSAHAN (International Invitational Competition)** – Ito ay kompetisyon o paligsahan sa labas ng bansa na may opisyal na paanyaya sa local na Pamahalaan na may direktiba at pagsang-ayon na ito ay lahukan.

a. **<u>May walo (8) pataas na bansa ang kalahok:</u>**

**Pang-isahan/Pang-dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**
***(Individual/Dual Sports Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 15,000.00 |
| Pilak na Medalya | 10,000.00 |
| Tansong Medalya | 7,500.00 |

**Koponan na Palaro**
***(Team Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 7,500.00 bawat manlalaro |
| Pilak na Medalya | 5,000.00 bawat manlalaro |
| Tansong Medalya | 3,750.00 bawat manlalaro |

b. **May pito (7) pababa na bansa ang kalahok**

**Pang-isahan/Pang-dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**
***(Individual/Dual Events)***

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 10,000.00 |
| Pilak na Medalya | 7,500.00 |
| Tansong Medalya | 5,000.00 |

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 02 APR 2025 BY: Julia Siaboc



Koponan na Palaro
*(Team Events)*

| | |
|---|---|
| Gintong Medalya | 5,000.00 bawat manlalaro |
| Pilak na Medalya | 3,750.00 bawat manlalaro |
| Tansong Medalya | 2,500.00 bawat manlalaro |

**SEKSIYON 5.** ***Paraan ng pagkakaloob ng insentibo***

5.1. Ang mga tagapagsanay ay magsusumite ng liham paanyaya, *ulat ng pangyayari sa kompetisyon* at *opisyal na resulta ng palaro* sa tanggapan ng YASDO. Ang opisyal na resulta ay dapat naglalaman ng pangalan ng mga atletang kalahok, mga medalyang nakamit at pangalan ng mga opisyal na nag-organisa ng mga nasabing palaro na may kalakip na mga lagda.

5.2. Ang isang atleta/manlalaro ay maaring tumanggap ng insentibo hanggang tatlong (3) beses lamang sa bawat kategorya ng isang paligsahan. Kung siya ay nakakuha ng apat o higit pang medalya, ang magiging batayan ng kanyang insentibo ay ang pinakamataas na medalya nakamit ng isang manlalaro/atleta.

5.3. Ang bawat tagapagsanay ay maaring tumanggap ng insentibo ayon sa halaga ng pinakamataas na insentibo matatanggap ng kanyang manlalaro/atleta. Nakapaloob sa Implementing Rules and Regulations ang magiging batayan sa pagkakaloob ng insentibo.

**SEKSIYON 6.** ***Pagmumulan ng Pondo*** – Ang pondo ay kukunin taun-taon sa nakalaang aproprasyon ng *General Fund-Special Activity Fund (SAF).*

**SEKSIYON 7.** Ang Tanggapan ng Ehekutibo sa pamamagitan ng ***Youth Affairs and Sports Development Office*** ang siyang maghahanda/gagawa ng ***Implementing Rules and Regulations (IRR)*** at Pamantayan (Guidelines) sang-ayon sa nilalaman ng kautusang ito.

**SEKSIYON 8.** Ang nasabing ***Implementing Rules and Regulations (IRR)*** ay muling ibabalik sa Sangguniang Panlungsod matapos na ito ay magawa/maihanda para sa pagrepaso at pag-aapruba nito.

**SEKSIYON 9.** ***Sugnay ng Pagpapawalang Bisa*** – Alinmang kautusan o kapasiyahang taliwas sa mga probisyon ng kautusang ito ay pinawawalang bisa.

**SEKSIYON 10.** ***Bisa*** – Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

**PINAGTIBAY,** ng **10TH** ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa,*** ngayong ika-*13 ng Hunyo 2023, sa kanilang 49th Regular na Pagpupulong.*

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Siaboc



SUMANG-AYON:

DISTRITO 1:

KON. MGGL. RAUL R. CORRO
*Miyembro*

KON. ALEXSON V. DIAZ
*Miyembro*

KON. PATY KATY C. BONCAYAO
*Miyembro*

KON. MGGL. RACHEL KATRIEL ANN C. ARCIAGA
*Miyembro*

KON. ALLAN REY A. CAMILON
*Miyembro*

KON. TING NIEFES
*Miyembro*

KON. JEDIDIAH R. PRESNEDI, LPT
*Miyembro*

KON. IVEE RHIA A. TADEFA
*Miyembro*

DISTRITO 2:

KON. MARK LESTER M. BAES
*Miyembro*

KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING
*Miyembro*

KON. LUVI P. CONSTANTINO
*Miyembro*

KON. INHR. MARISSA C. RONGAVILLA
*Miyembro*

KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.
*Miyembro*

KON. ENGR. ARLENE D. HILAPO
*Miyembro*

KON. CORNELIO M. MARTINEZ
*Miyembro*

KON. RODOLFO W. MOLDEZ, JR.
*Miyembro*

OFFICE OF THE SECRETARY
TO THE SANGGUNIANG PANLUNSOD
MUNTINLUPA CITY
CERTIFIED TRUE COPY
FROM THE ORIGINAL
DATE: 22 APR 2025 BY: Julia Siaboc



KINATAWAN NG SEKTOR:

**KON. WALTER A. ARCILLA**
*Pangulo*
*Samahan ng Punongbarangay*

**KON. KENICHI D. TAKAGI, JR.**
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng **Kautusang ito**.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim para sa Sanggunian*

PINATUTUNAYAN:

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

PINAGTIBAY:

**ROZZANO RUFINO B. BIAZON**
*Punonglungsod*

*Petsa:* 19 JUN 2023